

Inaning panahon para sa sakit at kaligtasan (ESST)

Magkakabisa: Enero 1, 2024

Ano ang ESST?

Ang ESST ay binabayarang hindi pagtatrabaho na dapat ipagkaloob ng mga pinagtatrabahuhan sa mga empleyado sa Minnesota na magagamit para sa mga partikular na dahilan, kabilang ang kapag ang isang empleyado ay may sakit, upang mangalaga para sa isang may sakit na miyembro ng pamilya o upang humingi ng tulong kung ang isang empleyado o miyembro ng kanyang pamilya ay nakaranas ng pag-abuso sa tahanan, sekswal na pag-atake o pasubok na pagsunod.

Ang ESST ay dapat bayaran sa kaparehong orasang halaga na kinikita ng isang empleyado kapag siya ay nagtatrabaho.

Sino ang karapat-dapat para sa ESST?

Ang isang empleyado ay karapat-dapat para sa ESST kung siya ay:

- nagtatrabaho nang hindi bababa sa 80 oras sa isang taon para sa isang pinagtatrabahuhan sa Minnesota; at
- hindi isang independiyenteng kontratista.

Ang pansamantala at part-time na mga empleyado ay karapat-dapat para sa ESST.

Ang pagganti ay labag sa batas.

Ang isang pinagtatrabahuhan ay hindi maaaring gumanti, o gumawa ng negatibong aksyon, laban sa isang empleyado para sa paggiit ng kanyang mga legal na karapatan sa ilalim ng batas sa ESST.

Paano ka nakakatipon at nakakagamit ng ESST?

- Ang mga empleyado ay nakakatipon ng hindi bababa sa isang oras ng ESST para sa bawat 30 oras na nagtatrabaho, maliban kung ang isang pinagtatrabahuhan ay nauna nang nagbigay ng mga oras ng ESST gaya ng ipinahihintulot ng batas.
- Ang ESST ay nagsisimulang matipon sa unang araw ng trabaho at ang mga empleyado ay pinahihintulatang gumamit ng ESST habang ito ay natipon.
- Ang mga pinagtatrabahuhan ay dapat magpahintulot sa isang empleyado na makatipon ng hindi bababa sa 48 oras ng ESST bawat taon at upang gamitin ang hindi nagamit na ESST sa kasunod na taon hanggang sa isang pinakamataas na pagkakatiipon na hindi bababa sa 80 oras ng ESST.
- Ang mga pinagtatrabahuhan ay maaaring mag-atas ng dokumentasyon mula sa mga empleyado kapag ang ESST ay ginamit para sa higit sa tatlong magkakasunod na araw.

Saan mo magagamit ang ESST?

Ang ESST ay magagamit para sa mga dahilang kinabibilangan ng:

- sakit sa isip o katawan, paggamot o pampigil na pangangalaga ng isang empleyado o miyembro ng kanyang pamilya;
- pagliban dahil sa pag-abuso sa tahanan, sekswal na pag-atake o pasubok na pagsunod sa isang empleyado o sa miyembro ng kanyang pamilya; at
- pagsasara ng lugar ng trabaho ng isang empleyado dahil sa panahon o pampublikong emerhensiya o pagsasara ng paaralan o pasilidad ng pangangalaga ng miyembro ng kanyang pamilya dahil sa panahon o pampublikong emerhensiya.



Panahon ng sakit
Para sa sakit ng isip o katawan, paggamot o pampigil na pangangalaga



Panahon ng kaligtasan
Upang tugunan ang pag-abuso sa tahanan, sekswal na pag-atake o pasubok na pagsunod

mn DEPARTMENT OF
LABOR AND INDUSTRY

Nobyembre 2023

651-284-5075 • 800-342-5354 • esst.dli@state.mn.us • dli.mn.gov/sick-leave

Paunawa: Ito ay isang maikling buod ng batas ng Minnesota. Ito ay nilalayong maging gabay at hindi dapat ituring na isang panghalili para sa kaugnay na Mga Batas ng Minnesota.